# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-8 ng Oktubre, 2024

## 150 MGA OPISYAL NA BALLOT DROP BOX ANG MAGBUBUKAS PARA SA PRESIDENSYAL NA PANGKALAHATANG ELEKSYON SA NOBYEMBRE

Simula Martes, Ika-8 ng Oktubre, ang mga rehistradong botante ay maaaring ibalik ang kanilang balotang pangkoreo para sa Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre sa alinmang 150 mga opisyal na ballot drop box sa buong county.

Ang mga balotang pangkoreo para sa 1.9 milyong mga rehistradong botante ng County ay inaasahang dumating ngayong linggo.

**Ano ang hitsura ng mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro?**

Ang mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro ay pula, puti at asul at tampok ang logo ng Tagapagrehistro kasama ang selyo ng County. Ang lahat ng mga kahon ay may label na "Opisyal na Ballot Drop Box" at ginawa mula sa mataas na grado, mabigat na sukat na hindi kinakalawang na asero.

Ang bawat ballot drop box ay idinisenyo upang maiwasan ang pisikal na pinsala at hindi awtorisadong pag-access sa mga balotang pangkoreo. Ang mga kahon ay may tampok na double-lock na mga na-a-access na pinto, hamba ng pinto laban sa pagkaka-puwersa at iba pang mga hakbangin sa konstruksyon laban sa pagnanakaw. Ang grupo ng pagkuha ng balota ng Tagapagrehistro ang responsable sa pagkokolekta ng mga balota sa loob ng kahon.

**Paano ko ibabalik ang aking balota sa isang opisyal na ballot drop box?**

Markahan ang inyong balota, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob ng inyong sobreng pagbabalikan, lagyan ng petsa at pirmahan ang inyong pangalan sa sobreng pagbabalikan, at ibalik ito sa koreo o sa isa sa opisyal na mga ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong county. Tandaan, ang inyong pirma ay kinakailangan upang mabilang ang inyong boto.

Mula sa 150 mga opisyal na ballot drop box, 118 dito ay matatagpuan sa labas ng gusali at bukas ng 24 oras kada araw hanggang sa ika-8 ng gabi sa huling araw ng pagboto, Ika-5 ng Nobyembre. Ang natitirang talumpu't dalawang mga kahon ay matatagpuan sa loob at available lamang kung

ang pasilidad kung saan ito matatagpuan ay bukas. Bisitahin ang sdvote.com upang tingnan ang listahan ng lokasyon o ang locator map para sa oras ng operasyon ng bawat pasilidad bago pumunta para isauli ang inyong balota.

**Paano ako boboto sa personal?**

Ang maagang pagboto ay nagsimula noong Lunes sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante na matatagpuan sa campus ng County Operations Center sa Kearny Mesa.  Ang mga oras ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Simula Sabado, Ika-26 ng Oktubre, maaari kayong bumoto sa personal sa isa sa alinman sa 39 na mga vote center. Ang mga ito ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.

Sa Sabado, Ika-2 ng Nobyembre, higit sa 200 mga lokasyon ang magiging available. Ang mga vote center ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa Ika-4 ng Nobyembre. Sa huling araw ng pagboto, Ika-5 ng Nobyembre, lahat ng mga vote center at mga opisyal na ballot drop box ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Dahil sa malaking bilang ng mga kontest sa balota, ang proseso ng pagboto ay maaaring maging mas matagal kaysa sa nakaugalian. Inirerekomenda ng opisina ng Tagapagrehistro na gamitin ang mga opsyon sa maagang pagboto upang iwasan ang mahahabang linya. Mayroon kayong opsyon para botohan ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo, sa isang opisyal na ballot drop box o sa alinmang vote center sa county.

Kung plano ninyong bumoto sa personal, maging handa. Basahin ang inyong pamplet at markahan ang inyong mga seleksyon sa sampol na balota nang mas maaga. Kapag pumasok kayo sa voting booth sa vote center, maaari kayong sumangguni sa inyong mga napagpilian sa sampol na balota upang maginhawang markahan ang inyong mga seleksyon sa inyong opisyal na balota.

Makakahanap kayo ng opisyal na ballot drop box o vote center malapit sa inyo sa loob ng inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyo itong tingnan online sa sdvote.com.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER